


Bakit Kami Ganito?

(Alitaptap, Paniki, Lamok,
Pagong, Bayawak at Gamu-gamo)



Noong unang panahon, may Bathalang ng-aalaga sa isang kabundukan. Siya si Tikas. Palagi siyang nagmamasid sa paligid-ligid. Inaalang niya dito kung may mga hayop na napatay. Natatakot siya dahil nauubos na ang mga hayop.

Isang araw sa kaniyang pag-iikot, napansin niyang may naiiba sa kabundukan. Sa bundok ni Ali Taptap ay madilim. Magulo sa kweba ni Paniki. Tambak-tambak ang mga gami ni Pong Pagong. Nakakalat naman ang mga sandata ni Lola Lamok. At sina Lolong Bayawak at Gamu-gamo ay inabutang nagtatalo. Ilan sa maliliit na hayop ay pagala-gala




sa hangganan ng gubat. Kaya't iniutos ni Bathala tikas sa kaniyang mga Umalohokang Banoy na magpupulong sa gabi ang lahat ng nakatira sa kabundukan.



Pinag-usapan sa pulong ang mga tungkulin ng bawat isa para pangalagaan ang sarili laban sa mga mangangaso. Galit nagalit si Bathala sa anim na hayop na dumating sa kalagitnaan ng pagpupulong. Ito ay sina Ali Taptap, Paniki, Pong Pagong, Lola Lamok, Lolong Bayawak at Gamu-gamo.


"Bawat isa ay magpaliwanag! Bakit kayo nahuli?" sigaw ni Bathala.



Unang lumapit si Ali Taptap. "Nakatira pa po ako sa ikalabingtatlong bundok. Hindi po ako makalipad dahil madilim ang daan."

Sumagot si Bathala Tikas. "Simula ngayon, dadalhin mo sa iyong katawan ang isang sulo na iilaw sa iyang daraanan."

Dali-dali namang lumapit si Paniki at buong yabang na nagsabing, "Kaya naman ako nahuli eh dahil wala akong pakpak, di gaya nila."



“Dahil sa iyong walang galang na pagsagot, bibigyan kita ng pakpak, pero sa gabi ka lamang makalilipad dahil di ka makakakita sa araw!”

Nakayukong lumapit si Lola Lamok. “Hindi ko po kayang makipagsabayan sa mga hayop dahil sa ang liit liit ko.”



“Ganun ba? Nakikita mo ba ang kakaibang sandatang ito? Ibigay ko ito sa iyo, pero pantusok at pansipsip mo ng dugo.”


Lumapit naman si Pong Pagong. Sa malumanay na tinig ay isinalaysay niya ang mga nagaganap sa kanilang bayan. “Marami pong nagnanakaw tuwing aalis ng bahay. Kaya iniipon ko po muna ang mga gamit at iniwan ko sa aking kaibigan.”



“Mahusay! Mula ngayon, wala ka nang problema. Dadalhin mo sa iyong likuran ang iyong bahay at mga gamit,” wika ni Bathala.

Napansin ni Bathala Tikas na si Lolong Bayawak na ang susunod. Alam ni Bathala na may ugaling sinungaling ito.

“Lolong Bayawak, ano naman ang dahilan mo kung bakit ka nahuli?” mausig na tanong ni Bathala.





“Hindi naman ako dapat mahuli. Mabilis yata akong maglakad. Kahit nga sa gabi eh kayo ko dahil parang ilaw ang mga mata ko,” sagot ni Lolong Bayawak.

“Bakit ka nga nahuli?” malakas ang tinig ni Bathala Tikas. “Magbigay ka ng magandang dahilan. Kung hindi ay mapaparusahan ka!”

“Nahuli ako dahil sumabay si Gamu-gamo sa akin. Ang bagal kasi niyang maglakad! Napakaduwa pa! Takot na takot sa liwanag!” katwiran ni Lolong Bayawak.

Hindi natuwa si Bathala Tikas sa katwiran ni Lolong Bayawak kung kayat pinarusahan niya ito at si Gamu-gamo.

Ang parusa: mamamatay si Gamu-gamo sa tuwing lalapit sa apoy. Dalawa naman ang naging dila ni Lolong Bayawak dahil sa pagsisinungaling.

Sa pangyayaring iyon, natakot ang mga hayop na matulad sa sinapit ng anim. Natutuhan nilang mahalaga ang bawat oras. Sa tuwing may pulong ay dumarating sila sa oras o mas maaga pa. Malugod silang gumanap sa nakatalagang tungkulin para mamuhay silang ligtas sa kapahamakan. Higit sa lahat, ang maging matapat sa salita at gawa ay kanilang isinabuhay. Mula noon, lahat sila ay masayang namuhay.

